

**OPISYAL NA PAHAYAG**

Hunyo 4, 2020

Pakikipag-ugnayan: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, [jic@longbeach.gov](mailto:jic@longbeach.gov)

Para Sa Agarang Pahayag

## **Lungsod ng Long Beach Nag-anunsyo ng Walang Curfew Ngayon, Hunyo 4**

Long Beach, CA - Ang Lungsod ng Long Beach ay nag-anunsyo na walang curfew na ipapatupad ngayon, Hunyo 4, batay sa County ng Los Angeles, na hindi nagpaplanong mag-utos ng curfew sa county ngayon. Ang desisyon sa pagpapatupad ng curfew ay magpapatuloy na sinusubaybayan araw-araw.

“Ang desisyon upang hindi magpatupad ng curfew ngayon ay base sa mga kamakailang mapapayapang aksyon ng mga nagpoprotesta, pati na rin ang kasalukuyang kalagayan ng sitwasyon sa Long Beach at sa buong rehiyon,” sabi ng Manager ng Lungsod na si Tom Modica. “Kami ay 100 porsyentong nakatuon sa pagsuporta sa mga karapatan sa Konstitusyon ng lahat pati na rin ang pagprotekta sa mga nagpoprotesta, negosyo, residente, pamilya, at aming buong komunidad.”

Ang mga curfew ay dating ipinatupad sa buong Lungsod ng Long Beach at Los Angeles County, simula ng gabi ng Linggo, Mayo 31, at nagtatapos ng umaga ng Huwebes, Hunyo 4.

Alam ng Lungsod ang tungkol sa isang mapayapang protesta na naka-iskedyul ngayon at ang Kagawaran ng Pulisya ng Long Beach ay maghahanda upang matiyak ang mga Karapatan sa Unang Amendment at ang kaligtasan ng lahat ng kasama.

Pansamantalang itinigil ng Lungsod ang lahat ng mga pagsasara na kaugnay sa mga nagdaang kaganapan.

Noong Mayo 31, 2020, Mr. Modica, ang Direktor ng Depensa sa Sibil ng Lungsod ng Long Beach, ay unang nagproklama ng isang lokal na emehensiya sa Long Beach at nag-utos ng curfew base sa mga kapangyarihan na nakalista sa Munisipal Code.

Noong Mayo 30, 2020, dahil sa patuloy na pagkikilos ng kaguluhan sa sibil at mga limitadong lokal na mapagkukunan, ipinahayag ni Gobernador Gavin Newsom ang isang State of Emergency para sa lahat ng County ng Los Angeles at inutusan ang lahat ng mga residente na sundin ang payo ng mga lokal na opisyal ng emerhensiya. Ang Long Beach Munisipal Code 2.69 ay nagbibigay ng kapangyarihan sa Direktor ng Depensa sa Sibil (Manager ng Lungsod) na ipahayag, na sumasailalim sa pagpapatibay ng Konseho ng Lungsod sa loob ng pitong araw, ang pagkakaroon o nagbabantang pagkakaroon ng lokal na emerhensiya kapag ang Lungsod ay naapektuhan o malamang maapektuhan ng isang sakuna o pangunahing emerhensiya at ang Konseho ay wala sa sesyon.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang aming mga residente, bumisita sa: [longbeach.gov/COVID19](https://longbeach.gov/COVID19) at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###